

Piling Pamahiing Ritwal ng mga Sebwan: Kalipunan

Ailene A. Ramos¹, Lita A. Bacalla²

Division of Cebu/ Department of Education
College of Arts and Sciences/ Cebu Normal University

Ailene.ramos@deped.gov.ph¹; lolitabacalla@gmail.com²

Date Received: November 15, 2021 ; Date Revised: February 7, 2022

Asia Pacific Journal of
Management and
Sustainable Development
Vol. 10, No. 3, pp. 156-165
September 2022
Lumina Special Issue
ISSN 2782-8557

Abstract – This study aims to present the rich beliefs, cultures and traditions of the Dalaguets. It specifically answers the following; theme, procedures, and materials/ symbolism. Through random sampling interview from the natives with ages forty above, the selected superstitious rituals vis a vie traditions of selected barangays were gathered. It anchored on the Mimetic and Sociocultural Theory and used qualitative method to analyze the data descriptively. Based on the data presented, the superstitious rituals are reflected on the following; theme shows how Dalaguets value life given by God; the procedures that reveals the main four ways in conducting the superstitious rituals such as: first, to ash the ingredients needed for ritual, second to whisper the ritual, third while doing so nobody must be informed, fourth high consideration in high/low tide and full/new moon; the materials were carefully selected as to characteristics of which will be patterned by the subject while symbolism is known based on the original Cebuano name of the material. The results of the study concluded that the superstitious rituals in Cebu is rich in culture and tradition it should be valued and written as it slowly fades in the memories of the residents.

Keywords: mimetic theory, sociocultural theory, rituals, superstitious

Abstract – Ang pag-aaral na ito ay naglalahad ng mayamang paniniwala, kultura at tradisyon ng mga Dalaguets. Ginamit ang kuwalitatibong paraan ng pagsusuri batay sa teoryang mimetiko at sosyokultural. Sa pamamagitan ng random sampling interview mula sa mga katutubo na may edad na apatnapu pataas, natipon ang mga piling pamahiin kaugnay ng mga tradisyon sa mga piling barangay. Natuklasan na ang pamahiing ritwal ay sumasalamin sa tema, proseso sa pasasagawa, at kagamitan/simbolismo. Ang tema ay nagpapakita kung gaano katibay ang pagpapahalaga ng mga piling Dalaguets sa buhay na ipinagkaloob ng Maykapal. Ang proseso sa pasasagawa na may apat na pamamaraan na lumutang: ang una ay ang pag-agiw ng mga sangkap sa lihi; pangalawa ay ang pagbigkas sa bulong; pangatlo ay ang pasasagawa sa lihi na walang pagsasabihan; at pang-apat ay ang pagsaalang-alang sa pagtaas/pagbaba ng tubig dagat at laki ng buwan. Ang kagamitan ay piling-pili dahil ito ay may mahalaga at magandang katangiang taglay na gagayahin ng subjek samantalang ang simbolismo na malalaman mismo sa taglay na pangalan (orihinal na bisaya). Batay sa natuklasan, nabuo ang kongklusyon na ang pamahiing ritwal ng lugar ay mayaman sa paniniwala, kultura, at tradisyong mahalagang pangalagaan dahil unti-unti nang nabubura sa isipan ng mga mamamayang naroroon.

Mga susing salita: mimetic theory, pamahiin, ritwal, sociocultural theory

PANIMULA

Ang pagpapahalaga sa kultura ay kasalukuyang isinusulong ng Kagawaran ng Edukasyon, ang Culture-Based Education Program na nagsasaad na mahalagang isali sa *teaching and learning process* ang kultura dahil nakaugat dito ang pundasyong pinaniniwalaan, kaalaman, karanasan, at kaugalian ng lipunan.

Bilang isang maybahay ng taal na Dalaguets, napuna ng mananaliksik ang mayamang pamahiing ritwal ng munisipalidad na kasalukuyang

tinitirhan. May mga nakita, narinig, at nasaksihan na samo't saring pamahiing ritwal na hindi naranasan noon habang nagdadalaga pa at nakatira sa ibang lugar. Ang mga piling ritwal ay naranasan ng mananaliksik nang dumating ang araw ng kasal, pagdadalantao, pagpapatubo sa ngipin ng sanggol gayundin ang unang pagpapakain nito. Bunsod nito naisip ng mananaliksik na ito ang magsisilbing tugon sa hamon na pagsabuhay sa kultura ng mga lalawigan at Culture-Based Education Program ng DepEd kung gagawin na isang pag-aaral.

Ang pagnanasang ito ay higit na pinagtibay sa University of Santo Tomas ng National Commission for Culture and the Arts-Philippine Cultural Education Program (57) na nagwikang: *In a culture-based education, culture is the foundation which provides both perspective and principle, framework and methodology, impetus and driver of discussion, assessment and evaluation upon which skills, abilities and knowledge regarding the self and the world-at-large are disseminated* [1].

Isang Pilipino *journalist, sociologist, public intellectual* at propesor sa University of the Philippines-Diliman ang nagbahagi ng kaniyang pananaw sa Culture-Based Education at nagwika na (133): *K-12 without a strong cultural base will never become meaningful and relevant. Without cultural roots, without cultural memory, without cultural soul our educational system will fail, for in these cultural essentials we find meaning in being human, in being a member of a human and humane society* [2].

Sinusuportahan din ang mithiing nabanggit ng Philippine Constitution: Article XIV ng Section 18:1 na *the state shall establish and/ or provide Equal access to cultural opportunities through education at mula sa National Cultural Heritage Act of 2009 which admonishes the teaching and learning of cultural concepts and procedures through culture-based education.*

Ang paniniwala o pananampalataya ang bumubuhay sa mga Pilipino [3]. Kahapon, ngayon at bukas, kaakibat ng pagka-Pilipino ang pananampalataya sa makapangyarihang Bathala o pananalig sa kanilang pinuno. Ito ang kanilang sandigan sa pang-araw-araw na pamumuhay saka ito ang kalasag nila laban sa suliraning darating sa buhay. Ang panitikan at kulturang Pilipino ng mga sinaunang Pilipino ay tulad ng mga tao sa ibang bansa na may pinaniniwalaan ding mga pamahiin na karaniwan namang gabay nila sa pang-araw-araw na pamumuhay [4]. Ayon kay Pineda, ang nakaraan ng isang bansa ay bahagi ng kasaysayan na dapat lingunin sapagkat iyon ay nagsisilbing salamin sa tunay na katauhan ng mga mamayan nito [5].

Ito ang nasaksihan sa munisipalidad ng Dalaguete, mayaman sila sa kultura at ang DepEd sampu ng Philippine Constitution gayundin ang National Cultural Heritage Act of 2009 ay nagpapahalaga sa kultura kaya marapat na pag-aralan ang mga pamahiing ritwal upang ito ay mapanatiling buhay at patuloy na maipasa sa susunod na salinlahi bilang pagpapahalaga sa kulturang lokal ng lalawigan.

Dapat pagyamanin at tangkilikin ang sining ng ating lahi sapagkat ito ay maipagmamalaki at maitatangi [6]. Tunay na magsisilbing daan upang maitatangi at higit na maipagmamalaki natin ang lahi dahil sa sining na pinahalagahan. Hindi ito dapat maibaon sa limot sapagkat isa itong magandang handog na maaaring ibigay sa susunod na henerasyon. Ang mga pamahiing ritwal ng Dalaguete ay maaaring hindi na maisasabuhay sa hinaharap kung ito ay hindi mailalathala sa kasalukuyan.

Ang ritwal ay isinasagawa ng mga baylan [7]. Ang klasikal na ideya ng impersonasyon ay mababanaag sa kanilang pagsamba sa mga anito o dili kaya'y isang mahiko na pinaniniwalaang nagtataglay ng pambihirang kapangyarihan. Ang ritwal ay sinasalihan ng bulong.

Malinaw na mensahe sa itaas na ang ritwal ay may pamamaraang sinusunod at madalas ay may kasamang orasyon. Ito ay isang panggagaya o imitasyon sa kalikasan dahilan kung bakit malaki ang partisipasyon ng paligid sa oras na ito ay isinasagawa.

Sa dyornal na pinamagatang Everone Secretly Harbors a Superstitious Brief, Volume 3 na may mahabang kasaysayan ang paniniwalang pamamahiin, mababasa na: *Superstitions have a long history. There was a deep belief that animals, nature and objects held a connection to spirits and the spirit world. They come from mythology, where omens were common. They live on because they have been passed on from generation to generation even when there is no evidence that facts outweigh superstitious beliefs* [8].

Nakatuon ang pahiwatig ng pinagmulan ng pamahiin na ayon sa kaniya ay nagmula pa ito sa mitolohiya. Malalim at matibay ang paniniwala na ang mga hayop, kalikasan, at mga bagay-bagay ay may koneksiyon sa espiritu at espiritu ng mundo. At upang matuwa ang mga espiritu ay nagsasagawa ng kaaya-ayang kilos o tradisyon upang magkaroon ng suwerte. Ayon sa kaniya, patuloy itong pinapasa sa bawat henerasyon dahilan kung bakit buhay pa hanggang sa kasalukuyan kahit walang tiyak na batayan ang resulta nito.

Ang mga nabanggit ay iilan sa mga isinasagawa ng mga Dalaguetnon sa piling barangay. Sa kadahilanan na ito ay pasalin-salin lamang hindi ito naisulat kailan man sa katunayan unti-unti na itong nalimot ng mga residente lalo na ng mga kabataan. Umaasa ang mananaliksik na sa tulong ng pag-aaral na ito, muling manunumbalik sa hinaharap ang mga Pilipinong paniniwala kung ito ay muling isasagawa at masasaksihan ng mga kabataan sa kasalukuyan.

Sa pag-aaral nina Lopez at mga, kasama natuklasan sa pag-aaral na ang pamahiin ay nananatili kung ang isang gawi ay nagbubunga ng kaniyang inaasahang pangyayari [9]. Sa pamamagitan nito, ang ugnayan ng gawi at bunga o kinahinatnan ay napagtitibay kaya naman paulit-ulit itong ginagawa. Dagdag pa nila na sa pag-aaral na ito, ang mga pamahiin ay patuloy pa ring nabubuhay at nananatili sa ating lipunan sa kabila ng makabagong panahon. May iba't ibang kategorya at gamit ang mga pamahiin na naiuugnay naman sa pang-araw-araw na pamumuhay. Ang pagtanggap at pagsunod sa pamahiin ay lubos na naiimpluwensiyahan ng pamilya, pananampalataya sa Diyos, relihiyon at agham.

Ang mga ito ay may malaking naiaambag sa paghubog ng paniniwala at gawi ng isang indibiduwal. Ang pagtanggap sa pamahiin ay hindi nangangahulugang ito ay may kalakip na pagsunod gayon din naman ang hindi pagtanggap sa pamahiin sapagkat ang pagsunod sa pamahiin ay naiuugnay lamang sa naibibigay nitong kahahantungan, mabuti man ito o masama. Lumabas din sa pag-aaral na may sumusunod sa pamahiin sa kabila ng kawalan nito ng paliwanag kung bakit ito dapat sundin.

Bilang paglalathat, pinangangatuwiranang pag-aaral na ito na mapayabong ang sariling panitikang Pilipino kung makikilala at maipagsisigawan kung ano ang ginagisnang pamahiing ritwal ng mga Sebvano. Ito ang magsisilbing daan upang higit na makilala ang tatak, kultura, at tradisyong Dalaguetnon na hindi pa nailalathala.

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral ay makalap, masuri, at masalin ang mga piling pamahiing ritwal sa bahagi ng lalawigan ng Cebu upang makabuo ng isang Sebvano-Filipino kalipunan ng mga piling pamahiing ritwal batay sa tema; proseso sa pagsasagawa; at mga kagamitan at simbolismo.

MGA KAGAMITAN AT PAMAMARAAN

Ang pamamaraang kuwalitatibo ang ginamit sa pagsuri sa mga pamahiing ritwal. Gamit ang *random sampling* at marubdob na pag-analisa sa mga nakalap na pamahiin upang matukoy at mapalutang ang tema, proseso sa pagsasagawa, kagamitan at simbolismo. Ito ay sinuri batay sa dalawang teoryang pampanitikan: ang teoryang mimetiko at sosyokultural. Nagkaroon ng *purposive random* sa

tagapanayam na may edad apatnapu (40) pataas saka pinag-aralan ang datos at bumuo ng kalipunan.

Gumamit rin ng talatanungan at *cellphone* ang mananaliksik sa pagkalap para sa dokumentasyon. Isinaalang-alang ang etikal na konsiderasyon para sa mga tagatugon.

RESULTA AT PAGTALAKAY

Mula sa mga nakalap na pamahiing ritwal sa mga tagatugon ay tinala ito at nakategorya batay sa tema, proseso sa pagsasagawa, kagamitan at simbolismo. Makikita sa talahayan ang ilang halimbawa ng mga nakalap na pamahiing ritwal sa dalayektong Sebvano at salin sa wikang Filipino.

Ang unang talahanayan ay nakatuon sa tema. Sa ginawang sarbey ng mananaliksik, nakalap ang samo't saring pamahiing ritwal ng munisipalidad. Makikita sa talahanayan 1 ang listahan ng temang nangibabaw na may pagpapakahulugan sa kabilang hanay. Kinuha mula sa sagot ng mga tagatugon ang kahulugan ayon sa panayam na pinagyaman ng mananaliksik sa pamamagitan ng pagsusuri.

Talahanayan 1. Tema

Paksa ng Pamahiin	Tema	Kahulugan
Pagpapalaki ng Bata	kapakanan at kalusugan ng bata	Ang batang kasisilang pa at ang malapit nang magkangipin ay madaling madapuan ng sakit kaya bibigyan ng ritwal para magkaroon ng matibay na resitensiya panlaban sa sakit.
Panganak at Pag-iwas sa Binat	pahalagahan ang kalusugan ng inang kapapanganak pa lamang	Hindi madaling manganak, kasabay ang pag-aruga sa sanggol. Ang ritwal ay daan upang madaling makabawi ang katawan ng ina at hindi mabinat.
Patay	Ang paggalang sa patay ay gampanin ng buhay	Upang malagay sa tahimik ang yumao dapat gawan ng ritwal tanda ng paggalang

Sa unang yugto ng pagpapalaki ng bata edad 0-3 buwan ito ay may temang "Ang kapakanan at

kalusugan ng sanggol ay prayoridad ng magulang”. Ang sanggol na kasisilang hanggang sa edad na magkakangipin, anim (6) na buwan pataas, ay madaling madapuan ng sakit gayundin kung magsisimula nang magkangipin kaya binibigyan ng ritwal para magkaroon ng matibay na resistensiya panlaban sa sakit. Prayoridad ng magulang na maibigay sa sanggol ang lahat ng pangunahing pangangailangan.

Inilahad na “A key element of the government’s strategy was to strengthen the framework for single and multi-agency safeguarding practice. Under section 11 of the Children Act 2004, a new statutory duty was placed on certain agencies (including the police, prisons, and health bodies) to make arrangements to ensure that they had regard the need to safeguard and promote the welfare of children” [10].

Ipinahihiwatig sa itaas na ang susi upang mapaunlad ang estado ay ang pagpapaigting sa mga ahensiyang nangagalaga sa kabataan. Masasalamin na ang gobyerno ay gumamagawa ng hakbang upang maprotektahan ang mga musmos na walang kalaban-laban. Ang mga ito ay upang matiyak ang seguridad at kapakanan ng mga kabataan.

Sa panganganak at pag-iwas sa binat, ang tema nito ay “Pahalagahan ang kalusugan ng inang kapapanganak pa lamang”. Madalas maririnig ang katagang, “kapag ang babae ay nanganak na madaling mabinat.” *The majority of indigenous midwives are woman. Male “midwives”, usually herbalists providing antenatal care and treating complications of pregnancy and delivery, have been reported in a few cultures only, e.g. in Ghana, Nigeria, Bolivia, Colombia, Ecuador, Honduras, Indonesia and Philippines* [12]. Isinasaad sa itaas na kadalasan sa mga nagpapaanak o komadrona ay mga babae. Ang mga lalaking nagpapaanak ay madalas tagagamot kung may komplikasyon man sa ina at sa anak. Masasalamin sa itaas na ang mga bansang nabanggit tungkol sa kultura ng pagpapaanak ay napabilang sa Asya.

Dagdag pa “*Indigenous midwives do more than only delivering babies They know the local medicines and rituals that are used before, during and after the delivery.*” Ipinahihiwatig sa itaas na ang mga komadrona noong unang panahon ay hindi lang nagpapaanak bagkus sila rin ang inaasahan sa mga

ritwal na isinasagawa bago, habang, at matapos magpaanak.

Sa pamahiing ritwal ng patay na may tema na “ang paggalang sa patay ay gampanin ng mga buhay”. Ito ang huling yugto ng buhay matapos na malasap ang buhay sa mundo. Kinatakutan man ng marami ngunit ayon sa banal na aklat, ito ay isang paraan upang makapiling ang Maykapal. Ito ang huling temang nakalap ng mananaliksik at ito rin ang nakatala sa ibaba, sa dahilang ito ang may pinakamaliit na detalyeng nakuha.

A human funeral rite is a farewell ceremony of a deceased person from this world into the next world (afterworld) connected with the disposal of the corpse. [13].

Isinasaad sa itaas na ang seremonya sa libing ay isang paraan ng pamamaalam at upang mailigpit nang maayos ang bangkay. Simple man o marangya ang idaraos na rital, ang layunin nito ay iisa – ang maging tahimik ang kaluluwa ng yumao.

Talahanayan 2.1

Proseso sa Pagpapalaki ng bata

Paksa ng Pamahiin	Salin
1. Inig gawas sa bata, sa dili pa maputol ang pusod andamon ang unlan.	1. Nang maipanganak ang bata habang hindi pa naputol ang pusod, ihanda ang unan.
2. Ang suso sa unlan, iaksyon ug pakaon sa bata nga bag-o nahimugso.	2. Ang dulo ng unan ay akmang ipakain sa batang bagong silang.
1. Sa unang pag-ubo o hayang sa bata ligwatan ug mga gamit sama sa lapis, papel, guna, o luwag.	1. Sa unang pagtihaya ng bata alalayan siya ng mga gamit tulad ng lapis, papel, bolo, o sandok.
2. Kung buot ang ginikanan nga utokan bata, papel ug lapis ang iligwat. Guna kung pabaulon, ug luwag kung palutuon.	2. Kung nais ng magulang na maging matalino ang bata- papel at lapis ang ipang-alalay. Bolo kung magsasaka at sandok kung magaling sa pagluto.
1. Inig dayon ug guho sa ngipon sa bata, mag-andam ug bag-o nga dagum, kanang gamay lang.	1. Kapag guguhon na ang ngipin ng bata, ihanda ang bagong maliit na karayom.
2. Puston ang dagom ug itom nga panaptun.	2. Balotin ang karayom ng itim na tela.
3. Ihidhid sa lagos sa bata, iuyon pag-pahid.	3. Ipahid ito sa gilagid ng bata, isang direksiyon lang.
4. Buhaton kini despiras himatayon.	4. Gawin ito bisperas ng bagong buwan (new moon).

Makikita sa talahayanayn 2.0 ang mga proseso sa pagpapalaki ng bata - **ang suso sa unlan, iaksyon ug pakaon sa bata nga bag-o nahimugso** o ang posisyong parang pakakainin ang sanggol ng dulo ng unan. Ito ay upang hindi iyakin at makulit ang bata kagaya ng unan na kapag inilagay sa isang lugar ay hindi gumagalaw. Dito pumapasok ang teoryang mimetiko sa anyong panggagaya sa mga nakikita sa paligid. Gaya ng unan na hindi gumagalaw, mithiin ng ritwal na ito na matulad ang bata sa unan na hindi malikot kaya lalaki ang bata na hindi magbibigay ng abala sa ina rason na maaaring ibuhos ng ina ang iba pang oras sa gawaing bahay sa halip na sa sanggol lamang.

Isa pang pamahiing ritwal para sa bata ay ang **sa unang pag-ubo o hayang sa bata ligwatan ug mga gamit sama sa lapis, papel, guna, o luwag** o sa unang pagtaob o tihaya ng bata ay alalayan ito ng lapis, papel, gulok o sandok. Pinaniniwalaan na kung ano ang magagawa sa unang pagkakataon ay magtuloy-tuloy. Kaya lapis at papel ang gagamitin sa unang pagtaob ng bata upang maging matalino, gulok ang gagamitin kung kasipagan ang nais, saka sandok kung galing sa pagluluto ang gusto. **Inig dayon ug guho sa ngipon sa bata, mag-andam ug bag-o nga dagum, kanang gamay lang. Puston ang dagom ug itom nga panaptun.** Kapag tutubo na ang ngipin ng bata, ihahanda ang maliit na karayom at babalutin ito ng itim na tela. **Ihidhid sa lagos sa bata, iuyon pagpahid. Buhaton kini despiras himatayon.** Ipapahid sa gilagid ng bata ang karayom na nakabalot sa itim na tela. Gagawin ito bisperas ng bagong buwan (new moon). Ito ang pangatlong pamahiing ritwal. Kung maisasatuparan ito, tutubo ang ngipin na matibay, matulis, at tuwid tulad ng karayom kung ito ang ginamit sa paglililihi. Nakatatakot, nakababahala ang proseso na ito dahil ang kasangkapan na ginamit ay matulis at ipapahid pa sa gilagid ng bata. Ngunit para sa mga matatanda, epektibo ito at ang telang pambalot ang magsisilbing proteksiyon. Isang direksiyon lang sa pagpahid upang maganda ang pagkakahayanay ng ngipin sa pagtubo nito.

Talahanayan 2.2

Proseso sa Panganganak at Pag-iwas sa Binat

Paksa ng Pamahiin	Kahulugan
1. Human mahaw-as ang bata, ang inahan pakan-on ug itlog sa dumalaga.	1. Matapos manganak ipapakain sa ina ang itlog ng manok.
2. Saglan kini ug inunlan sa iring	2. Lagyan ito ng agiw ng inunan ng pusa.
3. Sunugon o paigon ang inunlan unya ilubong sa itlog sa dumalaga.	3. Gagawin ito nang hindi nalalaman ng ina na may agiw ang itlog upang hindi siya mabinat dahil walang pusa na nabibinat.
1. Dili pahibaw-on ang inahan aron dili mabughat.	1. Matapos manganak ay paplantsahin ang tiyan na walang kuryente o uling na nagbabaga.
1. Human manganak, plansahon ang tiyan sa mabdos pero walay baga o kuryente.	2. Gagawin ito nang tahimik ni mister na walang ibang nakakakita.
2. Buhaton kini nga walay lain makahibalo. Mahimo nga imong inahan o bana muplantsa sa tiyan.	3. Ito ay upang hindi magkakaroon ng kulubot ang tiyan ni misis matapos manganak.
3. Aron hapsay ang tiyan ug walay kunot-kunot human manganak.	

Samantala kung tungkol sa panganganak at pag-iwas sa binat, narito ang proseso: **Sunugon o paigon ang inunlan unya ilubong sa itlog sa dumalaga. Dili pahibaw-on ang inahan aron dili mabughat** o ang agiw ng inunan ng pusa ay ihahalo sa itlog ng manok na siyang ipapakain ng nanganak. Gagawin ito upang hindi mabinat.

Matapos manganak ipapakain sa ina ang itlog ng manok na may agiw ng inunan ng pusa. Gagawin ito upang hindi mabinat ang ina, dahil walang pusa na nabibinat. **Plansahon ang tiyan sa mabdos pero walay baga o kuryente** o plantsahin ang tiyan gamit ang plantsa na walang baga o kuryente. Gagawin ito nang tahimik ni mister na walang ibang nakakakita. Ito ay upang hindi magkaroon ng kulubot ang tiyan ni misis matapos manganak. Kung magkakaroon ng *stretch mark* kusa itong mawawala sa tulong ng lihi na pagplantsa.

Talahanayan 2.3

Proseso para sa Patay

Paksa ng Pamahiin	Kahulugan
1. Ang nabiyuda/ nabiyudo, siyam (9) ka adlaw dili maligo.	1. Kung sino man ang naging balo ay hindi maliligo sa loob ng siyam na araw lalo na kung may lamay pa.
2. Inig naog o lubong sa namatay, dili molingi.	2. Sa libing, hindi lilingon ang balo.
3. Sa ika napulo (10) ka adlaw, mahimo nang maligo apan dili manudlay.	3. Sa ika-sampung araw maaari nang maligo ngunit hindi magsusuklay upang hindi magkaroon ng asawa agad.
1. Dili mokaon ug kamunggay o kinamunggayan ang tagtungod aron malikayan ang pagpangalarag.	1. Hindi kakain ng malunggay o anumang ulam na may malunggay kung may patay. Hindi rin kakain ng anumang baging gayundin ng tuyo upang walang kapamilya na mamatay.
2. Dili pud mukaon ug mukatay kay naay mosunod. Hasta ang buwad kay tumtumon.	

Para sa patay, **ang nabiyuda/ nabiyudo, siyam (9) ka adlaw dili maligo.** Kung sino man ang naging balo ay hindi maliligo sa loob ng siyam na araw lalo na kung may lamay pa. **Sa ika- napulo (10) ka adlaw, mahimo nang maligo apan dili manudlay o** sa ika-sampung araw maaari nang maligo ngunit hindi magsusuklay. Ito ay upang hindi magkaroon ng bagong asawa agad ang naiwan tanda ng respeto sa namatay. **Dili mokaon ug kamunggay o kinamunggayan ang tagtungod aron malikayan ang pagpangalarag.** Hindi kakain ng malunggay o anumang ulam na may malunggay kung may patay upang maiwasan ang sunod-sunod na kamatayan. **Dili pud mukaon ug mukatay kay naay mosunod. Hasta ang buwad kay tumtumon.** Hindi rin kakain ng anumang baging upang walang kapamilya na mamatay gayundin ang tuyo upang ang mukha ay hindi magkapeka. Pinanghahawakan nito ang teorya na kagaya ng malunggay, maaaring marami ang mawala. Isa-isa kagaya ng istruktura ng dahoon ng malunggay. Katulad din ng *vine vegetables* na dahil ito ay madaling dumami, maaaring marami rin ang mawawala sa pamilya na posibleng sumunod sa namatay kaya ito ay mahigpit na ipinagbabawal na kainin sa lamay.

Talahanayan 3

Mga Kagamitan/Simbolismo

Kagamitan	Simbolismo	Kahulugan
Suso sa unlan	Kabaitan	Upang ang bata ay hindi malikot at iyakin tulad ng unan
Bag-ong dagum nga gamay	Matulis at tuwid ngipin	Upang ang ngipin ay maging matibay at matulis tulad ng karayom; maliit na karayom ang gagamitin dahil maliit ang bibig ng bata at ang gilagid na papahiran nito
Sungad (simod) sa baboy	Kasipagan	Palatandaan na kailangang maging masipag sa pagtatrabaho ang mag-asawa upang hindi sila aasa sa hanapbuhay na posibleng namana mula sa magulang
Kasingkasing sa baboy	Pag-ibig	Simbolo ng pag-ibig, puso mula sa baboy dahil ito ang madalas na iniihaw sa kasal
Ikog sa baboy	Paggalang	Mahihiya ang kinasal na mag-away sa harap ng maraming tao, mananatili ang respeto sa isa't isa kaya walang away na magaganap
Plantsa	<i>Flawlessness</i>	Para mawala ang kamot sa tiyan o <i>stretch marks</i>
Mayanang itom	Kalusugan	Maitim at marami ang dahon ng repolyo
Busikad	Pag-unlad	Madaling tumubo ang pananim
Mayanang itom	Kalusugan	Maitim at marami ang dahon ng repolyo
Sagbot nga uyon-uyon	Pagkakaintindihan	Hindi mag-aaway o magkakagulo ang mga bisita at mga taong nakatira sa bahay kung may lihing damong uyon-uyon kung may okasyon
Medalya	Pananampalata ya	Isang uri ito ng kuwentas na Medalya Milagrosa, ilalagay sa haligi ng ipapatayong na bahay; magbibigay ng proteksiyon sa pamilya
Tulo (3) ka klase nga kwartang karaan	Kayamanan	Upang palaging magkaroon ng pera ang nakatira sa bahay
Taob nga dagat	Karangyaan	Itaon sa mataas na dagat ang pagpapatayo ng bahay o patatanim upang maraming biyaya ang makukuha
Kalamay	Matamis at magandang Pagsasama	Ilalagay ito sa bawat sulok ng bahay, maayos ang relasyon ng pamilya
Kamunggay	Kamatayan	Ipinagbabawal na kainin ng namatayan upang wala ng susunod sa yumao

Bawat pamahiing ritwal ay may mga kailangang gamit upang maipatupad nang maayos ang lihi. Ayon sa masusuing interpretasyon sa datos na nakalap, tatlo ang nangibabaaw na obserbasyon. Una, ang mga kagamitan ay pinili batay sa pangalan nito. Pangalawa, ang kagamitan ay halaw sa katangian at depende sa intensiyon ng lihi. Pangatlo, pinahahalagahan din ang numero na ginagamit sa ritwal.

Narito ang ilang halimbawa sa mga kagamitan na halaw sa pangalan ang kahulugan ng intensiyon ng lihi: **Agiw sa limot-limot** o agiw ng limot-limot (isang uri ng damo na ginagamit bilang lihi upang makalimot ang bata sa pagdede sa ina). **Limot ibig sabihin makalimot**; **sagbot nga uyon-uyon** (isang uri ng damo upang magkaroon ng parehong desisyon at pagsang-ayon ang mag-asawa kung may mabigat na sitwasyong dapat pagpasyahan). **Uyon-uyon na ibig sabihin ay pagsang-ayon**; **Sagbot nga palad-palad** (isang uri ng damo na ginawang lihi upang tumubo na may malapad na dahon ang kamote). **Palad ibig sabihin tulad ng palad ng kamay**; **busikad** (isang uri ng damo na ginagamit sa lihi ng pagtatanim, pagpapatayo ng bahay at kasal upang maging masagana ang ani at pamumuhay). **Sikad ibig sabihin pag-unlad**; **kasingkasing sa baboy** (simbolo ng pag-ibig, puso ng baboy dahil ito ang madalas na hayop na kinakatay sa kasal, bida sa handaan). **Kasingkasing ibig sabin puso**, palaging may puso at hindi magmamaliw ang pagmamamahal ng mag-asawa sa isa't isa. **Ikog sa baboy** o buntot ng baboy (ihahalo ito sa pagkain ng kinasal, upang sila ay mahihiya na mag-away sa harap ng maraming tao, mananatili ang respeto sa isa't isa kaya walang away na magaganap). **Ikog ibig sabihin hiya**. Ito ang pinagmulan ng palasak na ekspresiyon ng mga Bisaya na "ay maikog ko" ibig sabihin na "eh nahihiya ako".

Samantala, ang sumusunod naman ang halimbawa sa mga kagamitan na halaw sa katangian ang kahulugan ng intensiyon ng lihi: **Utok sa salumpati** o utak ng kalapati (kalapati ang ibon na nakasunod sa utos ni Noah ayon sa Bibliya). Matalino ang kalapati. Kung ang utak nito ang ipapakain sa bata sa pamamagitan ng pagsunog nito sa pagluto, magiging matalino ang bata. Katangian ng kalapati ang pagiging matalino kaya ang bata ay magiging matalino rin gaya ng kalapati. **Suso sa unlan** (tumatukoy sa dulong bahagi ng unan, upang ang bata ay hindi malikot at iyakin tulad ng unan). Katangian ng unan na hindi kumikilos dahil wala itong buhay. Ang bata na may lihing unan ay hindi masyadong

malikot at hindi iyakin. **Agiw sa punga sa kalabasa** (agiw ng tangkay ng kalabasa, matigas at hindi basta-bastang matanggal; ang agiw nito ay gagamitin upang hindi magkasakit ang bata). Tulad ng katangian ng tangkay, ang bata ay hindi madaling makakasakit. **Bulawan** (ginto, ito ang lihi sa ngipin ng bata upang maganda tingnan at matibay), may kasabay na bulong ito na tanging mga "tambalan" lang ang nakaalam, madalas ang nasasaggawa nito ay ang mayayaman sa lugar. **Bayanan sa itlog, Tipasi sa humay, Dahon sa Gabon** (*eggshell* na puti, bigas, at dahoon ng gabon, ang mga ito ay kagamitang inihahanda para sa unang pagligo ng sanggol). Katangian ng *eggshell* ang pagkakaroon ng puti at makinis na balat na tataglayin ng bata kung ito ay naisama sa lihi, ang palay naman ay makati kaya pangontra sa kati ang butil ng bigas samantalang magsisilbing gamot ang dahon ng gabon upang maganda ang balat ng sanggol. **Sula sa kogon** (tinik ng damong kogon, ang kogon ay isang damo na maaaring tumubo sa anumang uri ng lupa at madaling padamihin). Ang patubo ng ngipin ng bata may magiging katulad ng kogon kung ito ang lihi. **Bangag** (butas), dito ihuhulog ang unang subo ng pagkain ng bata, ang butas ay nangangahulugan na bibig ng bata. Ibig sabihin kung ano man ang isusubo sa bibig kakainin ito ng bata, hindi siya magiging pihikan.

Maliban sa dalawang pinagbatayan ng kahulugan at simbolismo - ang pangalan at katangian ng kagamitan, pinahahalagahan din ang bilang na ginagamit sa ritwal. Ang numerong tinutukoy ay bilang tatlo (3). Halimbawa sa pamamaraan na nagpapahalaga sa bilang tatlo ay **paguron ang tulo (3) kabuok na tai sa kanding**; gawing agiw ang tatlong dumi ng kambing; **sa dili pa maputol ang pusod sa bata, ituyok sa balay katulo (3 beses)** habang hindi pa napuputol ang pusod ng bata ay ipapaikot siya sa bahay habang karga ng ama nan tatlong beses; **sulod sa tulo (3) adlaw balikan kini**, sa loob ng tatlong araw ay babalikan ito. Ang kahulugan ng tatlo ay kumakatawan sa Banal na Pamilya - ang Diyos Ama, Diyos Anak at Diyos Espiritu Santo. Ipinahihiwatig nito na sa kabila na pagsasagawa ng lihi, hindi nawawala ang pananampalataya ng mga Pilipino.

NATUKLASAN

Natuklasan sa pagsusuri na ang mga piling pamahiing ritwal ng mga Sebvano ay pangunahing nangibabaw na tema ay nagpapakita kung gaano kayaman sa kultura, kalawak ang paniniwala at katibay ang pagpapahalaga ng mga piling Dalaguetnon sa buhay ng bata at ina, lalo na sa

aspetong kalusugan, kapakanan, relasyon ng mag-asawa, tahimik na pamumuhay, masaganang hanapbuhay, at paggalang sa patay. Pangalawa, kapansin-pansin na may apat na nangibabaw na proseso sa pagsasagawa ng piling pamahiing ritwal ng Dalaguete na tila paulit-ulit kahit ano pa man ang layunin. Kagaya ng pag-agiw ng mga sangkap sa lihi, ang pagbigkas ng bulong, ang pagsasagawa nito na dapat walang nakaaalam at walang pagsasabihan, at ang pagsaalang-alang sa pagtaas at pababa ng tubig dagat, bisperas ng bagong buwan at kabilugan ng buwan. Kasabay nito, ipinapakita dito ang pagtutulungan ng mga tao sa isang lugar upang mapagtagumpayan ang lihi. Pangatlo, ang mga kagamitang napili sa pamahiing ritwal ay may mahahalaga at magagandang katangiang taglay. Ito ay pilit na ginagaya kaya ginawang lihi sa mithiing ito ay magagaya ng subjek. Ang taglay na simbolismo ay malalaman mismo sa taglay na pangalan (orihinal na bisaya) at katangian. Hindi batayan ang edad na apatnapu pataas upang masabing may ideya na sila sa pamahiing ritwal. Ito ay nakadepende sa karanasan at pamilyang kinalakihan ng mga tagaroon.

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang pagsusuri ng pamahiing ritwal ng katimugang bahagi ng Cebu ay daan upang lubos na makilala ang kinagisnang kultura at tradisyon ng isang natatanging pook. Tunay itong mayaman sa kultura at tradisyon.

Inirekomenda na magsagawa ng kasunod na pag-aaral sa iba pang pook ng Cebu tulad ng pamahiing ritwal ng hilagang Cebu; pahambing na pag-aaral ng pamahiing ritwal sa hilaga at timog Cebu; at meta-analisis na pag-aaral ng saysay at kabuluhan ng ritwal sa kasalukuyang panahon.

SANGGUNIAN

- [1] Lopez, F. M. (2015) Philippine Culture-based Education: Responding to the Challenge of Nationalist Education. PHILIPPINE CULTURE-BASED EDUCATION: Responding to the Challenges of a Nationalist Education (nlp.gov.ph) date retrieved 2019. Web
- [2] David, R. S. (2014) Philippine Education. Web
- [3] Decoreza, L. E. (2020) Tinig ng Lahi I Batayang Aklat sa Filipino. Book

- [4] Jovina, et al (2014) Ang Pantikan at Kulturang Pilipino. Book
- [5] Pineda, P. P. (2020) Tinig ng Lahi I, Batayang Aklat sa Filipino. printed page 93 Book
- [6] Balaza, I. (2007) Gintong Pamana Wika at Panitikan printed page 117
- [7] Casanova, A. (2001) Panitikang Pilipino. Manila: Rex Bookstore.
- [8] Alonzo, K. (2016) The Philadelphia Tribune: Everyone secretly harbors a superperstitious brief or two. Everyone secretly harbors a superstitious brief or two | Lifestyle | phillytrib.com date retrieved 2019
- [9] Lopez, M. and Raboy, N. (2008) Pamahiin Nila Noon Buhay pa ba ngayon? Pagsusuri sa mga Pamahiing Nanatili noon hanggang ngayon. <https://Pamahiin-PSP-PSU.pdf> (1715373997.rsc.cdn77.org) date retrieved 2019
- [10] Burton, S. and James R. (2018) Safeguarding and Protecting Children in the Early Years. Second Edition Published. Safeguarding and Protecting Children in the Early Years, 2nd edition - University of Huddersfield Repository date retrieved 2019 Web
- [11] Monger, G. (2004) Marriage Customs of the World: From Henna to Honeymoons. Marriage Customs of the World: From Henna to Honeymoons - George Monger - Google Boeken date retrieved 2019. Web
- [12] Lefeber, Y. *et al* (1998) Indigeneous Customs In Childbirth and Child Care. Indigenous Customs in Childbirth and Child Care - Yvonne Lefèber, H. W. A. Voorhoeve - Google Books date retrieved 2019 Web
- [13] Schliesinger, J. (2017) Traditional Human Funerals in Southeast Asia. Traditional Human Sacrifices in Southeast Asia and Beyond - Joachim Schliesinger - Google Books date retrieved 2019 Web

COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJEP. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).